

GAWAD JULIAN CRUZ BALMASEDA

1. Ang **Gawad Julian Cruz Balmaseda** ay ang pinakamataas na pagkilála na handog ng KWF para sa natatanging tesis at disertasyon sa agham, matematika, agham panlipunan, at iba pang kaugnay na larang gamit ang wikang Filipino.
2. Bukás ito sa lahat ng mga estudyante sa antas gradwado (masteral at doktorado), maliban sa mga empleado ng KWF at kanilang mga kaanak.
3. Ang ilalahok na tesis at/o disertasyon ay naipagtanggol at naipasá sa mga taóng 2019 at 2020.
4. Kinakailangan itong isulat bílang kahingian sa mga kursong may kaugnayan sa agham, matematika, agham panlipunan, humanidades, at sa iba pang kaugnay na larang.
5. Kailangang orihinal na isinulat at ipinagtanggol sa Filipino ang lahok, orihinal na gawa ng may-akda, hindi pa nailalathala bílang aklat, at hindi rin salin mula sa ibang wika.
6. Marapat na gamitin ang KWF Manwal sa Masinop na Pagsulat (MMP) bílang format sa pagsulat ng talababa, talasanggunian, at iba pa.
7. Para sa paglahok, kinakailangang isumite ang sumusunod:
 - apat (4) na limbag na kopyang makinilyado o computerized (hardcopy). Ang kopya ng mga lahok ay kinakailangang walang taglay na anumang pagkakakilanlan ng may-akda. Nangangahulugan ito ng pag-aalis ng mga preliminaryong pahina ng tesis at disertasyon na nagtataglay ng pagkakakilanlan ng may-akda. Tanging pamagat ng tesis/disertasyon at sagisag-panulat lámang ang pahihintulatang nakalimbag sa manuscript
 - Pormularyo sa Paglahok (maaaring i-download [dito](#))
 - curriculum vitae ng may-akda;
 - notaryadong awtentipikasyon ng lahok;
 - notaryadong katibayan ng etikong pananaliksik (walang plahiyo) na nilagdaan ng tagapayo;
 - rekomendasyon mula sa dalawang propesor sa kinabibilangang larangan;
 - rekomendasyon mula sa tagapangulo ng kinabibilangang departamento;
 - rekomendasyon mula sa dekano/a ng kinabibilangang kolehiyo
 - Ang mga preliminaryong pahina ng tesis/disertasyon, gaya ng katibayan ng pagsang-ayon, tungkol sa mananaliksik o bionote, pasasalamat, pag-aalay, pahina ng grado at ebalwasyon, at iba pang katulad.

Ang pormularyo, curriculum vitae, notaryadong dokumento, liham rekomendasyon, at preliminaryong pahina ay nakalagay sa bukod na selyadong brown envelope.

8. Ang lahok ay maaaring dalhin nang personal o ipadala sa koreo sa:

Lupon sa Gawad Julian Cruz Balmaseda
Komisyon sa Wikang Filipino
2/P Gusali Watson, 1610 Kalye J.P. Laurel
San Miguel, Maynila

9. Ang hulíng araw ng pagsusumite ng lahok ay sa **9 HULYO 2020, 5nh**. Hindi na mauurong ang araw ng pagsusumite.
10. Ang mga magwawagi sa kategorya ng (1) tesis at (2) disertasyon ay makatatanggap ng PHP100,000.00, plake, at medalya. May isang magwawagi lámang sa bawat kategorya. Maaari ring walang tatanghaling magwawagi sa alinmang kategorya.
11. Ang pasiya ng Lupon ng Inampalan ay pinal at hindi na mababago.
12. Hindi patatawarin ang sinumang mahuhuli nagplahiyo. Kakanselahin ng KWF ang ipinagwaging lahok at hindi na muling makasasali pa sa alinmang timpalak ng KWF.
13. Para sa karagdagang detalye, tumawag sa telepono blg. (632) 736-2519 o mag-email sa kwf.timpalak@gmail.com.